



Sa Aming Mahal na Customer,

Habang patuloy ang pandaigdigang pandemya ng COVID-19, sinisiguro ng Philippine National Bank (PNB) ang kaligtasan at kapakanan ninyo at ng aming mga empleyado. Nais kong ibahagi sa inyo ang ilan sa mga hakbang na patuloy naming ginagawa upang maiwasan ang pagkalat ng virus, nang hindi naaapektuhan ang serbisyo namin sa inyo.

ORAS NG SERBISYO: Alinsunod sa direktiba ng ating nasyonal na gobyerno, pansamantala naming isinara ang ilan sa aming mga branches at pinanatiling bukas ang karamihan nito sa iba't ibang lokasyon. Araw-araw naming ina-update ang listahan ng mga bukas na PNB branches sa aming website. Maari ninyo itong tingnan sa: www.pnb.com.ph/open-branches.

CASH WITHDRAWAL: Mayroon kaming higit sa 1,500 na ATMs sa buong Pilipinas na maari ninyong gamitin.

DIGITAL BANKING: Hinihikayat namin kayo na gamitin ang aming mga digital banking channels tulad ng PNB Internet Banking at PNB Mobile Banking App (downloadable via App Store and Google Play) para sa inyong mga transaksyon. Ito ay upang maiwasan ang paglabas ng bahay at panatiliin ang inyong kalusugan.

LIBRENG TRANSACTION FEES: Gamit ang InstaPay at PESONet, maaari kayong maglipat ng pera mula sa inyong PNB account papunta sa account ng ibang bangko at ang serbisyo ng ito ay libre. Pansamantala naming inalis ang mga transaction fees ng serbisyo ng ito hanggang sa Abril 15, 2020.

PINAHABANG PAYMENT DEADLINE: Upang matulungan kayo, hinabaan namin ang deadline sa pagbabayad ng PNB credit card bills na may due date mula Marso 18, 2020 hanggang Abril 15, 2020. Ito ay para sa lahat ng aming qualified credit cardholders. Habang ang late fees ay pansamantalang mawawala, mayroon pa ring applicable finance charges. Maaari ninyong gamitin ang aming digital banking at iba pang alternative payment methods para makapagbayad ng inyong credit card bill.

MGA PANG-KOMERSYO AT SUPORT NA TUNGKULIN SA PNB: Inayon ng aming pamunuan ang Work From Home set-up para sa aming mga empleyado. Dahil dito, patuloy namin kayong maserbisyoan mula sa aming mga tahanan. Ang telecommuting, online meetings, at video conferences ay ilan lamang sa mga paraan na aming ginagamit upang makausap. Mayroon din kaming skeletal workforce na pumapasok upang siguraduhin na nagagawa pa rin ang mga critical support functions ng aming bangko.

DISINFECTION NG MGA PASILIDAD: Sinisiguro ng PNB ang regular na paglilinis at disinfection ng aming mga branches at opisina sa tulong ng aming sariling sanitation team at third-party service provider.

PAGKANSELA NG MGA PAGTITIPON: Para sa kaligtasan at seguridad ng lahat, kinansela na ng PNB ang lahat ng uri ng pagtitipon na kung saan ay maraming tao ang pumupunta (halimbawa: sales and corporate gatherings, client appreciation events, regional economic briefings, provincial roadshows, and employee classroom trainings).

KATATAGAN: Bilang ikalima sa pinakamalaking bangko sa ating bansa, nananatiling matatag ang pundasyon ng PNB sa gitna ng negatibong epekto ng COVID-19 sa pandaigdigang ekonomiya. Ang Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ay nagbibigay ng regulatory reliefs para sa mga bangko at iba pang financial institutions, upang makapagpatuloy ng aming operasyon. Dahil dito, makasisiguro kayong patuloy ang aming serbisyo ng #YouFirst para sa inyo.

Bilang pagtatapos, patuloy naming mino-monitor ang mga nangyayari. Kami rin ay patuloy na nakikipagtulungan sa mga kinaaukulan upang matiyak ang aming serbisyo sa inyo at ang kaligtasan ng bawat isa.

Maraming salamat sa inyong patuloy na pagtitiwala sa PNB.

Taos-pusong sumasainyo,

WICK A. VELOSO

President and Chief Executive Officer
Philippine National Bank